

Minamahal na Miyembro ng Medi-Cal,

Ang pagpapanatiling malusog sa inyong mga ngipin ay isa sa mga pinakamainam na bagay na magagawa ninyo sa inyong pangkalahatang kalusugan. Mahalagang mga pag-uugaling pangkalusugan ang pagsisipilyo at paggamit ng floss, gayundin ang regular na pagbisita sa dentista.

Bilang mga miyembro ng Medi-Cal, ang inyong mga benepisyo at ang mga benepisyo ng inyong anak ay kabilang ang saklaw na pang-ngipin!

Nagbibigay ang Medi-Cal ng libre at murang mga serbisyo sa ngipin upang matulungan kayong mapanatiling malusog at ang inyong ngiti.

Tandaan:

- **Unang ngipin o unang kaarawan.** Dapat bumisita ang inyong sanggol sa dentista sa sandaling lumabas ang kanyang unang ngipin o sa kanyang unang kaarawan, alinman ang mas mauuna.
- **Simulan ngayon upang mapigilan ang pagkabulok.** Kausapin ang dentista ng inyong anak tungkol sa mga panselyo o molar sealants. Ang mga pamprotektang patong na ito ay tumutulong upang maiwasan ang mga lukab.
- **Lubusan nang naibalik ang mga benepisyo sa ngipin ng mga nasa tamang edad.** Hanggang Enero 1, 2018, ibinalik ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan [Department of Health Care Services (DHCS)] ang mga benepisyo sa ngipin ng mga nasa tamang edad para sa mga miyembro na may edad 21 at pataas nang may ganap na saklaw na pang- ngipin.

Alamin ang higit pa tungkol sa inyong benepisyo sa ngipin at maghanap ng dentista ng Medi-Cal na malapit sa inyo sa SmileCalifornia.org o tumawag sa linya ng Serbisyo sa Kostumer ng Denti-Cal sa **1-800-322-6384**. Libre ang tawag! Handa ang mga kinatawan ng Medi-Cal Dental na sagutin ang inyong mga katanungan mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes.

Matutulungan kayo ng mga kinatawan sa:

- Paghahanap ng isang dentista.
- Pag-iskedyul ng isang dental appointment.
- Paghahanap ng karagdagang mga kaalaman tungkol sa inyong mga benepisyo sa ngipin.
- Pagsagot sa mga katanungan tungkol sa Programang Medi-Cal Dental.
- Pagkuha ng impormasyon tungkol sa pandaraya at pang-aabuso.
- Pagkuha ng impormasyon sa paglutas ng mga problema sa pangangalaga ng ngipin.

Mangyaring banggitin ang sulat na ito kapag tumawag kayo.

Tapat na sumasainyo,

Programang Medi-Cal Dental  
Department of Health Care Services

 DHCS | Medi-Cal Dental

